

الرؤى و المنامات باللغة الفلبينية
ANG PANAGINIP SA TURO NG ISLAM

Sumailalim sa pamamahala ni:
Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله

Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-
Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah

Kabilang sa mga palatandaan ni Allah ﷻ sa ating pagtulog ay ang ating mga panaginip, sinabi ng Allah ﷻ sa Qur'an: "Tunay na tanda ng kadakilaan ni Allah ﷻ ang inyong pagtulog sa gabi, at sa araw ay ang inyong paghahanapbuhay mula sa Kanyang biyaya..."

At nagsimula ang pagbaba ng rebelasyon sa Propeta Muhammad ﷺ sa pamamagitan ng panaginip, sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: "Ang panaginip ng isang mananampalataya ay parte ng apatnapu't anim ng propesiya".

Ang Propeta Muhammad ﷺ ay nahuhumaling sa maayos na panaginip, at lubos itong iniintindi, ayon sa naiulat ni Thamrah siya ay nagsabi na minsan ang Propeta Muhammad ﷺ sa pagtapos ng kanyang pangunguna sa aming dasal, siya ay haharap sa amin at magtatanong: "Sino sa inyo ang nanaginip?".

Ang panaginip sa turo ng Islam ay nasa tatlong klase:

Una: Ang panaginip na nagmumula sa Allah ﷻ.

Pangalawa: Ang panaginip na nakakalungkot at ito ay mula sa Satanas.

Pangatlo: Panaginip na tayo ang nagbubuo sa ating isipan.

Ang panaginip na nagmumula sa Allah ﷻ ay magandang balita, sa sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: "Ang pinakamakatatutuhanan mula sa inyo sa kanilang panaginip ay tunay na makatotohanan sa kanilang sinasabi".

Kabilang sa turo ng Propeta Muhammad ﷺ na sa tuwing tayo ay makakakita ng nakakalugod sa ating panaginip, ating purihin ang Allah ﷻ dahil dito, at huwag ito ipagsasabi liban sa mga taong ating mapagkakatiwalaan.

At kung sinuman ang managinip ng mula sa Satanas, siya ay dumura ng hangin sa kanyang kaliwa ng tatlong beses, at magpakupkop mula sa Allah ﷻ laban sa lahat ng kasamaan, maari rin niyang ibahin ang pwesto niya sa kanyang paghiga o magtayo ng dasal. Hindi niya ito dapat ipagsabi sa kahit sinuman at hindi pa dapat ito bigyan ng kahulugan dahil ito ay hindi makakapahamak.

Dapat natin sanayin ang ating mga dila sa pananalangin at pag-alala sa Allah ﷻ tuwing pagsapit ng gabi, umaga, bago matulog at sa ating pag-gising upang hindi magulo ang ating isipan sa mga nakakagambala na panaginip at isipin na mabuting panaginip at darating sa iyo, tayo ay palaging magtiwala sa kakayahan ng Allah ﷻ at tunay na Siya ay sapat na para sa atin.

والله تعالى أعلم...